# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 18, 2022, LUNES, IKA-9:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. Delas Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

RECORDED By: Date: 29 JUL 2022 — SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN — RELEASED NAME DATE 080122 TIME — STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 289-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 66-T2022 / KAUTUSAN BLG. 02-T2022 NA MAY KABUUANG HALAGANG P95,927.53 MULA SA NATIRANG PONDO (SURPLUS) NOONG TAONG 2021 UPANG ILAAN PARA SA TRAINING EXPENSES (P20,927.53); REPAIR AND MAINTENANCE – INFRASTRUCTURE ASSETS (P15,000.00) AT OTHER SUPPLIES AND MAINTENANCE EXPENSES (P60,000.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 66-T2022 / Kautusan Blg. 02-T2022 na may kabuuang halagang P95,927.53 mula sa Natirang Pondo ( Surplus) taong 2021 upang ilaan para sa Training Expenses (P20,927.53); Repair and Maintenance – Infrastructure Assets (P15,000.00) at Other Supplies and Maintenance Expenses (P60,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 66-T2022 / Kautusan Blg. 02-T2022 na may kabuuang halagang P95,927.53 mula sa Natirang Pondo ( Surplus) taong 2021 upang ilaan para sa Training Expenses (P20,927.53); Repair and Maintenance – Infrastructure Assets (P15,000.00) at Other Supplies and Maintenance Expenses (P60,000.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 18, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 7/28/22
Punong Bayan